**Pagpapahayag ng Sariling Damdamin o Reaksyon Tungkol sa Napakinggang Kuwento Batay sa Tunay na Pangyayari/ Pabula**

## Subukin

Panuto: Piliin ang (✓) kung TAMA ang gawain ( **x** ) naman kung MALI

____ 1. Iiyak at magmumukmok sa kuwarto.

____ 2. Mag-iisip ng magiging solusyon sa suliranin.

____ 3. Sasabihin sa mga magulang ang problema upang matulungan.

____4. Iisipin na laging may solusyon ang lahat ng problema.

____ 5. Hahayaan na lamang na hindi masosolusyunan ang mga problema.

"READY TO PRINT"

LIVEWORKSHEETS

# Tuklasin

Panuto: Basahin at unawain ang maikling kuwento.

**Si Mang Roy**

Pagtatanim sa bakuran ang pinagkakaabalahan ng pamilya ni Mang Roy. Namumunga na ang kanilang mga tanim na gulay. Isang umaga, nagising sila na putol- putol ang puno ng mga gulay. Nakawala pala ang kambing ng kapit-bahay. Kay laki ng kanilang panghinayang sa mga tanim na nasayang.

Panuto: Suriin kung aling mga salita ang nagpapahayag ng ideya at damdamin. Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Bakit naisipang magtanim ng gulay ang pamilya ni Mang Roy?
   A. upang magkaroon ng malinis na bakuran
   B. upang sila ay makakain ng preskong gulay
   C. dahil may paligsahan sa kanilang barangay

2. Ano ang naramdaman ni Mang Roy na namunga na ang kanilang mga tanim na gulay?
   A. nainis
   B. nagalit
   C. namangha

"READY TO

LIVEWORKSHEETS

3. Ano kaya ang naramdaman ng kanilang kapitbahay ng kinain ng kambing ang mga halaman?
   A. nahiya
   B. nagalit
   C. nainggit

4. Kung ikaw si Mang Roy, ano ang mararamdaman mo na inubos ng kambing ang mga tanim mong gulay?
   A. matutuwa
   B. malulungkot
   C. mamamangha

5. Paano kaya masolusyunan ni Mang Roy ang nangyari sa kanyang mga halaman?
   A. Itataboy niya ang mga kambing.
   B. Aawayin niya ang kanyang kapitbahay.
   C. Magtanim ulit ng gulay at lagyan ng bakod.

"READY TO PRINT"

## Suriin

Panuto: Basahin at unawain ang kuwento.

Umaga na, tulog pa rin si Ramon. Napuyat siya sa paggawa ng proyekto para sa asignaturang Filipino. Nakahanda na ang lahat ng mga gamit niya sa pagpasok. Pinuntahan siya ng kanyang nanay sa silid upang gisingin. Dali-daling bumangon si Ramon at nag-umpisang mag-asikaso ng sarili.

( Source: Bagong BatangPinoy, pp. 134 )

LIVEWORKSHEETS

Panuto: Basahin ang mga tanong. Piliin ang titik ng

Panuto: Basahing mabuti at piliin ang titik sa wastong sagot.

1. Sino ang napuyat sa paggawa ng kanyang proyekto?
   A. Roy
   B. Mario
   C. Ramon

2. Bakit maagang ginising si Ramon ng kanyang nanay?
   A. para maglinis ng bahay
   B. para magluto ng almusal
   C. para maagang makapasok sa paaralan

3. Sa palagay mo, ano kaya ang mararamdaman ni Ramon pagkatapos ng mga proyekto niya?
   A. magagalit
   B. matutuwa
   C. mapupuyat

4. Kung ikaw si Ramon, papasok ka pa rin ba sa paaralan kahit puyat, bakit?
   A. Oo, para kumain sa labas.
   B. Hindi, gusto kung matulog sa bahay.
   C. Oo, dahil ayaw kung lumiban sa klase.

5. Ano kaya ang mararamdaman ng kanyang nanay sa ipinakitang ugali ni Ramon?
   A. maiinis
   B. matutuwa

"READY TO PRINT"

LIVEWORKSHEETS

. matatakot

# Pagyamanin

**Ginabayang Gawain**

Panuto: Basahin at unawain ang kuwento.

**Ang Pagong ni Dingdong**

Si Dingdong ay may alagang pagong. Ito ay si Pong Pagong. Si Pong Pagong ay maraming itim na maliit sa kanyang katawan. Siya ay laging nakakulong sa silong ng barung-barong sa bahay ni Dingdong.

Minsan, gusto niyang mamasyal sa bakuran dahil pagod na pagod na siya sa kulungan. Gusto rin niyang makalanghap ng sariwang hangin.

( Source: LRMDS Grade- 1 File )

Panuto: Basahin ang mga tanong at piliin ang titik ng tamang sagot na nagpapahayag ng damdamin o reaksyon batay sa napakinggang kuwento.

1. Sino ang may alagang hayop?
   A. Ben
   B. Dino
   C. Dingdong

2. Saan nakakulong si Pagong?
   A. hawla
   B. hospital
   C. barong-barung

LIVEWORKSHEETS

3. Bakit gusto niyang mamasyal sa bakuran? dahil _____
   A. gusto lang niya
   B. paborito niya itong lugar
   C. pagod na pagod na siya sa kanyang kulungan

4. Ano ang ipinakitang damdamin ni Dingdong sa mga hayop? Siya ay ______
   A. mainisin
   B. maramot
   C. mapagmahal

5. Ano kaya ang mararamdaman mo kung palagi kang nakakulong sa bahay?
   A. maiinip
   B. matutuwa
   C. malulungkot

"READY TO PRINT"

LIVEWORKSHEETS

## Malayang Gawain

Panuto: Pagtambalin ang mga sitwasyon na nagpapahayag ng sariling damdamin o reaksiyon sa Hanay A at Hanay B.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. Nawala ang pera ni Mara dahil kinuha ito ng kanyang kapatid na si Klara. Sinabi niyang " Umalis ka sa aking harapan!" Siya ay______ | A. naiyak |
| 2. Umuwi si Mecca sa bahay dala-dala ang kard na may matataas na marka. Sinabi niyang, " Yehey! Malaki ang marka ko." Siya ay____ | B. nainip |
| 3. Biglang nawala ang kuryente. May nakitang kakaiba si Dona sa madilim na paligid. Siya ay____ | C. nagalit |
| 4. Kumain ng kendi si Roland. Biglang sumakit ang kanyang ngipin. Siya ay ___ | D. natuwa |
| 5. Namasyal sa parke ang magkapatid na si Rica at Rea. Matagal ding nag-hintay ang bunsong kapatid sa kanila. Siya ay ____ | E. natakot |

"READY TO PRINT"

LIVEWORKSHEETS

## Tayahin

Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang damdaming ipinahihiwatig ng pahayag .

| | | |
|---|---|---|
| Pagkatuwa | Pagkainip | Paninisi |
| Pagkahiya | Pagkagalit | |

__________ 1.“ Bakit mo iniwan ang nakasalang na sinaing? Nasunog tuloy “.

__________ 2. “ Yehey! mataas ang nakuha ko sa pagsubok”.

__________ 3. “ Pasensiya na po. Narumihan ko ang iyong sapatos”.

__________ 4. “ Bakit ang tagal-tagal nila? Kanina pa ako rito “.

__________ 5. “ Ilang ulit ko nang sinabi sa iyo na bawal dito ang aso “.

"READY TO PRINT"

LIVEWORKSHEETS

## Isagawa

Panuto: Piliin ang letrang nagsasaad ng tamang damdamin ayon sa salitang may salungguhit.

1. Napabulyaw at nasabi niya nang malakas, "Ay kabayo! " dahil sa matinding gulat.
   A. paninisi
   B. pagkabigla
   C. pagkalungkot
2. Nanlaki ang kanyang mga mata nang makitang may ibang gumamit ng kanyang damit.
   A. pagkainis
   B. pagkagalit
   C. pagkatuwa
3. Naku! kinikilabutan at naninindig ang aking balahibo!
   A. pagkahiya
   B. pagkagulat
   C. pagkatakot
4. " Aha! Diyan ka lang pala nagtatago, Ikaw na ang taya."
   A. pagkainis
   B. pagkagulat
   C. pagkatuwa
5. "Yehey, tumama at nanalo ng malaking halaga ang nanay ko sa paligsahan ".
   A. pagsisisi
   B. pagkabigla
   C.pagkatuwa

"READY TO PRINT"

LIVEWORKSHEETS

# Tayahin

Panuto: Basahin at unawain ang mga tanong. Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Pasipul-sipol na naglalakad si Tony, siya ay______
   A. masaya
   B. nagsisi
   C. nagalit
2. Pagtapat ni Emy sa madilim na lugar, dali-dali siyang tumakbo sa liwanag ________ kasi siya sa dilim.
   A. nahihiya
   B. natatakot
   C. natutuwa
3. Mahimbing pa ang tulog ni Nonoy, nang bigla siyang tapikin ng kanyang kuya ________ siyang bumangon.
   A. hiyang-hiya
   B. gulat na gulat
   C. takot na takot
4. Ayaw magsalita ni Isko sa harapan dahil siya ay _____.
   A. mahiyain
   B. magulatin
   C. masayahin
5. Bakit nandito ang libro ko, andoon iyon kanina hindi ba? __________ tanong ni Susan.
   A. nalilitong
   B. natatakot
   C. nasisiyahang

"READY TO PRINT"

LIVEWORKSHEETS